**Pamagat**: Magsibangon Kayo, Kayong mga Lassengo

**Texto**: Joel 1:5 "Awake, ye drunkards, and weep; and howl, all ye drinkers of wine, because of the new wine; for it is cut off from your mouth."

> *Pagsasalin*: Gising, kayong mga maglalasing, at umiyak kayo; tumangis kayo, kayong lahat na manginginom ng alak, dahil sa matamis na alak na inilayo sa inyong bibig.

**Panimula**:

1. Napakasama ng mga tao sa kapanahunan ni Joel, dahil inilagay nila ang kanilang kasiyahan at pabuya at katuwaan sa kanilang pandama, kaya ang hatol ng Dios ay mas higit o mas masakit sa kanila.
2. Ang alak ay naapektohan sa salot ng balang. Kung tubig lang ang iniimon nila, hindi sila mahihirapan. Kapag ang katuwaan ay ginagawang pangangailangan ito ay nagiging problema at nagdudulot ng pagkabigo.

I. **Ang Alak sa Biblia**:

- A. Ang salitang "alak" (wine) ay galing sa Hebrew word: "yayin"; Greek word: "oinos."
- B. Ang alak ay may dalawang kahulugan: a.) Grape juice [katas ng ubas] or b.) Alcoholic drink [nakakalasing na inumin]. Ang "wine" ay galing sa "fruit of the vine."
- C. Yun grape juice – ito ba ay "fresh" (sariwa; [a.]) or "fermented" (pinaasim [b.]).
- D. Kung parehas ang salita ng wine, paano natin malalaman kung ito ay sariwa or pinaasim? Sagot: context (knotexto o paggamit ng salita sa pangugusap/kaugnay na kahulugan).
- E. Mga halimbawa:
  - E.1. Proverbs 23:29 – pagkaaba, kalungkutan, gulo, karaingan o kabalisahan, sugat, kapulahan ng mga mata. (Anong kalsing alak ito, sariwa o pinaasim?)
  - E.2. Deut. 14:26 – alak at matapang na inumin. (Ang Dios ang naghihikayat, sa palagay mo hihikayatin ba ng Dios na uminom ang tao ng alak na nagdudulot ng Prov. 23:29?) – Siyempre, hindi – ito ay fresh grape juice. At yun matapang na unumin ay "concentrated grape juice" na kailangang haluin ng tubig.
    [strong drink – matapang na inumin – Hebrew: "shekar" – fig juice, or date juice]
  - E.3. Isaiah 28:6-7 – Alcoholic drink ito. (sumusuray o gumigiray; nalilito; nangangamamali; hindi na matuwid ang paghatol o natitisod; puno ng suka; nakakapandring karumihan).
  - E.4. Habakkuk 2:15 – kahabag-habag o mapapahamak kayo (woe) – Alcoholic drink ito.
  - E.5. John 2:9 – Ang Panginoong Jesus ba ay gumawa ng alcoholic drink? O grape juice?
  - E.6. 1 Timothy 5:3 – kaunting alak – a little wine – anong clase ito? Mabuti na ang alcohol para sa tiyan? Pero ang fresh grape juice ay puno ng sustansia. (3:3 alcoholic drink).

II. **Ano ang Mga Matututunan natin sa Babala ni Joel sa mga Umiinom ng Alak?**:

1. Ang parating na hatol ng Dios ay magiging kalamidad o sakuna sa lahat.
2. Yung mga naglalasing ay sisigaw o aalulong sa kahirapan.
3. Hindi maganda sa mga Christiano ang matulog sa liwanag ng muling pagbabalik ni Jesus (Rom. 13:11-14; 1 Peter 1:16-18).
4. Binagit ang mga lasingero ni Joel dahil imbis na hanapin ng tao ang Panginoon, hinahanap nila ang bote. Ito ay panawagan hindi lamang para sa physical na pagtitimpi kundi ito ay para sa espieituwal na paggising!
5. Maari rin na ang mga tao ay lasing sa kanilang kalaswaan at hindi nauunawaan ang parating na hatol ng Dios.
6. Ang ministry ng simbahan o iglesia ngayon ay ang pagbibigay ng babala sa lahat, gising! Parating na ang Araw ng PANGINOON!
7. Ang pag-inom ng alak (alcoholic drink) ay hindi tugma sa layunin at salita ng Dios.
8. Parating na ang Araw ng PANGINOON – kumilos tayo para sa ating mga mahal sa buhay, mga kaibigan at kamaganak – upang margining nila ang magandang balita habang may panahon pa tayo.